



PAANO MAKAKAPAGPASURI SA COVID-19

Maraming paraan para makapagpasuri sa COVID-19 sa LA County

LIBRENG PAGPAPASURI

Simula sa Septyembre 25, ang lahat ng sambahayan sa Amerika ay makakapaglagay muli ng order para makatanggap ng apat pang libreng mga matuling pagsuri sa COVID-19 (rapid tests) na ipapadala deretso sa kanilang bahay. Bisitahin ang covid.gov/pagsusuri.

Kung mayroon kang segurong pangkalusugan, ang pinakamagandang opsyon ay makipag-ugnayan sa iyong doktor o planong pangkalusugan para makapagpasuri. Ang mga doktor at mga planong pangkalusugan ay responsable sa pagbibigay ng libreng pagsusuri sa COVID-19 sa mga pasyente na itinalaga sa kanila.

Kung ang iyong amo o paaralan ay nag-aatas ng pagsusuri, magpunta sa iyong lugar ng trabaho o paaralan para makapagpasuri. Maaari silang mag-alok ng mga libreng pagsusuri

Kung wala kang segurong pangkalusugan, huwag mag-alala. Maraming mga paraan para makapagpasuri ng libre sa LA County.

Bisitahin ang lugar na may nagsusuri



Mga pasilidad na pinapatakbo ng County

- Kung wala kang segurong pangkalusugan, maaari kang makakuha ng libreng pagsusuri sa COVID-19 sa Sentro ng Pamublikong Kalusugan na klinika lamang ng Nars kahit na ano ang katayuan mo sa imigrasyon. Kung mayroon kang seguro, kailangan mong magbigay ng impormasyon sa seguro (insurance).
- Ang pagsusuri ay maibibigay para sa lahat ng mga bata ng kahit anong edad.
- Ang mga pagsusuring PCR at antigen ay iniaalok
- Para sa mga lokasyon at oras, bisitahin ang ph.lacounty.gov/chs/NurseClinic.pdf (Spanish).

Sentrong pangkalusugan o botika



Bisitahin ang webpage ng HHS na [Mga Lugar ng Pagsusuri na Nakabase sa Komunidad para sa COVID-19](#) para makita ang mga mura o walang gastos na pagsusuri.

- Kung wala kang segurong pangkalusugan pero mayroong mga sintomas ng COVID-19 o nalantad sa iba na kamakailan ay nasuring positibo sa COVID-19, maghanap ng lokasyon ng pagsusuri na walang gastos sa testinglocator.cdc.gov.
- Kung mayroon kang seguro, maaaring kailanganin mo na ibigay ang impormasyon ng seguro (insurance).
 - Kung hindi mo magagawa o ayaw mong ibigay ang impormasyon ng seguro, ang ibang mga lugar ay maaaring maningil ng bayad na magkakaiba.

Maraming mga botika ang nag-aalok ng libreng pagsusuri sa COVID-19. Bisitahin ang kanilang website o tawagan para malaman kung kailangan nila na magpatipan (appointment) o kung sila ay may bayad. Para sa impormasyon sa mga independyenteng mga botika, bisitahin ang doineedacovid19test.com.

Kumuha ng libreng mga gamit para sa pagsusuri

Gamit ang mga [pagsusuri sa sarili](#), kumuha ka ng sampol at gawin mo ang pagsusuri sa iyong sarili. Kung ang iyong pagsusuri ay lumampas sa petsa ng pagkawalang bisa nito, pwede pa rin maaayos na maayos gamitin ito, [alamin pa ang mas marami](#).



Sa pamamagitan ng koreo mula sa Pamublikong Kalusugan - para sa mga taong may edad na 65+ o hindi makalabas ng bahay

Ang mga taong nakatira sa LA County na may edad na 65+ o hindi makalabas ng bahay ay maaaring [humiling](#) ng dalawang libreng pagsusuri. Ang mga pangsuri ay ipapadala sa loob ng 5 araw ng negosyo.



Sa Lugar ng Pamublikong Kalusugan na Maraming Serbisyo ng Pagbabakuna.

Para sa mga oras at lokasyon, bisitahin ang ph.lacounty.gov/vaccinepods.



Sa Lokal na Silid-Aklatan (Library)

- Sa lahat ng mga silid-aklatan ng Lungsod ng Los Angeles. Bisitahin ang lapl.org/branches.
- Sa lahat ng mga silid-aklatan ng County ng Los Angeles at mga gumagalang mga sasakyang may libro (bookmobiles) Bisitahin ang lacountylibrary.org/antigen-tests.
- Sa iba pang piniling mga [Lokasyon ng Silid-Aklatan sa Komunidad](#).



Sa inyong komunidad

Maraming mga lugar ng imbakan ng mga pagkain, mga sentro para sa matatanda, at iba pang lokal na organisasyon ay nag-aalok ng libreng mga gamit para sa pagsusuri para doon kuhanin.



Sa botika gamit ang iyong tarheta (card) ng Medi-Cal

Kunin ang (mga) tarheta ng Medi-Cal para sa bawat tao sa iyong pamilya. Ipakita ang (mga) tarheta sa parmasyutiko sa harapan ng botika (counter) kung saan ibinibigay ang mga reseta. Maaari kang humingi ng 8 libreng pangsuri sa COVID-19 na magagamit sa bahay para sa bawat tao bawat buwan. Piliin ang Medicare Advantage na mga plano na magbibigay ng akses sa mga pangsuri sa COVID-19 na gamit sa bahay ng libre, makipag-ugnayan sa iyong tagapag-alaga ng kalusugan (provider) para sa mas marami pang impormasyon.



Paggamit ng iba pang segurong pangkalusugan

Hanggang November 11, 2023, karamihan ng mga taong may planong pangkalusugan na **kinokontrol ng California** ay maaaring makakuha ng hanggang 8 pangsuri na magagamit sa bahay bawat buwan para sa bawat tao na nasa plano. Maraming paraan na para makapagpasuri gamit ang segurong pangkalusugan kabilang ang:

- Tawagan ang iyong plano ng pangkalusugan o bisitahin ang website para makita kung pwede kang kumuha ng libreng mga gamit na pangsuri.
- Kung kwalipikado ka para sa mga libreng pagsusuri, alamin kung paano makukuha ang mga ito. Iba-iba ang mga planong pangkalusugan – nag-aalok ang ilan ng mga libreng pagsusuri sa pamamagitan ng koreo o mula sa isang parmasya. Para sa iba pang mga

plano, bibili ka ng mga pangsurì at isumite ang iyong resibo upang mabayaran ang lahat o karamihan sa mga gastos.

Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang mg Kadalasang mga Katanungan sa [CMS Waivers, Flexibilities, and the End of the COVID-19 Public Health Emergency](#).

Makipag-ugnayan sa iyong doktor o planong pangkalusugan



Kung ikaw ay may segurong pangkalusugan, ang nagseguro sa iyong kalusugan ay inaatasang sagutin ang lahat ng gastos ng pagsusuri kung inorder ng doktor ang pagsusuri. Hindi mo kailangang may mga sintomas para humiling ng pagsusuri.

Ang mga kompanya ng seguro ay maaaring **hindi** sagutin ang pagbabayad sa pagsusuri sa COVID-19 kung ginawa ito na parte ng programa ng pagbabalik sa trabaho ng kawani. Kung ang iyong amo ay nag-aatas ng pagsusuri, gawin ito sa trabaho.

MGA PAGSUSURI PARA SA MGA BATA

- Kung ang iyong anak ay may mga sintomas, mas mabuti na kumuha ng pagsusuri galing sa kanilang doktor o lokal na sentrong pangkalusugan. Kung kailangan mo ng tulong para makahanap ng doktor, tawagan ang 2-1-1 o bisitahin ang [211LA](#). Maaari mo ring mahanap ang sentrong pangkalusugan malapit sa iyo sa [HRSA.gov](#).
- Maraming lugar na iniisponsor ng County ang nagsusuri sa ang mga bata na kahit ano ang edad. Pero alamin muna bago pumunta.
- Ang takdang gulang ay nag-iiba sa mga iba't ibang botika: [Quest Diagnostics](#) ay nagsusuri sa edad na 2 pataas, [CVS Health](#) and [Walgreens](#) ay nagsusuri ng edad 3 pataas. Para sa mga independyenteng mga botika, bisitahin ang [doineedacovid19test.com](#).
- Kung plano mo na gumamit ng pagsusuring antigen, tingnan ang kahon para sa takdang edad.